# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-29 ng Abril, 2025

## IPINADALA NA ANG MGA POSTKARD SA MGA REHISTRADONG BOTANTE PARA SA ESPESYAL NA PANGKALAHATANG ELEKSYON SA UNANG DISTRITO

Mahigit sa 370,000 na mga postkard ay ipapadala na sa mga rehistradong botante para sa Unang Superbisoryal na Distrito ng County ng San Diego na naglalaman ng kanilang mga opsyon sa pagboto para sa Ika-1 ng Hulyo na espesyal na pangkalahatang eleksyon.

Ang taong nahalal ay ang magpupuno sa bakanteng puwesto ng distrito para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2029. Ang mga nakatira lamang sa distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Karagatang Pasipiko sa kanluran (west) hanggang sa kabundukan ng Otay at San Miguel sa Silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa international border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, kasama ang Barrio Logan, East Village, Golden Hill at higit pa. Kasama rin dito ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, at La Presa.

Kung hindi sigurado na nakatira kayo sa Distrito 1, maaari ninyong tingnan sa sdvote.com.

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-2 ng Hunyo sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego. Ang pagboto sa opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Gayunpaman, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na samantalahin ang kaginhawaan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Maaari kayong bumoto mula sa inyong tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa pamamagitan ng pag-drop nito sa alinman sa 29 na mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro na matatagpuan sa buong distrito simula Martes, Ika-3 ng Hunyo hanggang sa Araw ng Eleksyon, Ika-1 ng Hulyo.

Kung nais ninyong bumoto nang personal, samantalahin ang pagkakataon para sa maagang pagboto. Simula Sabado, Ika-21 ng Hunyo, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes,

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-29 ng Abril, 2025

Ika-1 ng Hulyo, kung saan magbubukas ang 13 na mga vote center mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Distrito 1 sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER